

Gabay sa Muling Pagbubukas para sa mga Klase at Aktibidad sa Komunidad

Patuloy ang COVID-19 sa pagbabadya ng panganib sa komunidad at inatasan ang lahat ng tao na sundin ang mga pag-iingat at baguhin ang mga operasyon at aktibidad para mabawasan ang panganib ng pagkalat. Ang protokol na ito ay nagbibigay ng direksyon sa mga organisasyon na nag-aalok ng mga klase at mabababang panganib na aktibidad para sa mga kabataan at matatanda sa kapaligiran ng komunidad tulad ng mga gusaling pangkomunidad (community center), gusali para sa mga matatanda (senior center), at mga lugar sa loob at labas ng mga pampublikong parke. Maaaring kasama sa mga aktibidad ang: mga klase sa musika at teatro ng komunidad, mga klase sa palakasan, mga klase sa sining, at mga club ng libro (book club). Maaari rin isama dito ang mahahalagang mga serbisyo ng komunidad tulad ng suporta sa paghahanda ng buwis, pagbibigay espasyo para sa mga pagpupulong sa komunidad at pagbibigay ng bakanteng espasyo para sa mga gusali ng pagpapalamig (cooling centers).

Ang panganib ng isang nahawaang tao, kahit na maayos ang kanilang pakiramdam, sa pagkakatagat ng COVID-19 sa iba ay apektado ng mga sumusunod na kadahilanan:

- Tumataas ang panganib kapag hindi nagsusuot nang tama o tuloy-tuloy sa itaas ng ilong at bibig ang mga maskara sa mukha, at hindi napapanatili ang distansya ng pisikal.
- Tumataas ang panganib kapag ang mga aktibidad ay ginaganap sa loob, partikular na sa mga espasyo na hindi maganda ang bentilasyon.
- Tumataas ang panganib sa pagtaas ng antas ng pagsasalamuha sa pagitan ng mga kalahok; mas malapit na pakikisalamuha (partikular ang halapang pakikisalamuha), at ang dalas at kabuuang tagal ng malapitang pakikisalamuha, ay nagpapataas ng panganib na maipasa ang maliliit na butil sa palahingahan sa pagitan ng mga kalahok.
- Tumataas ang panganib sa mas hindi na antas ng pagbibinat; ang mas matinding pagbibinat ay nagpapataas ng rate ng paghinga at dami ng hangin na nahihinga at naibubuga sa bawat paghinga.
- Tumataas ang panganib sa paghahalo-halo ng mga pangkat at grupo, partikular na kapag galing sa magkakaibang komunidad at sambayanan.

Ang mga klase sa komunidad na nag-aalok ng pagtuturo sa palakasan at pang-atletiko ay dapat na sumunod sa listahang ito bilang karagdagan sa [Protokol para sa mga Liga ng Panlibangang Pampalakasan ng Kabataan at Matatanda](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Palakasan ng La County.

Tandaan na ang listahang ito ay hindi nalalapat sa mga klaseng inaalok o isinasagawa sa mga pribadong kapaligiran, tulad ng mga klase sa pribadong sining o musika o sa pagtuturo. Ang mga negosyong ito ay dapat sumunod sa [Protokol para sa mga Limitadong Serbisyo](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Palakasan ng La County. Mundi rin ito nalalapat sa mga klase na iniaalok ng mga Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon, na dapat sumunod sa [Protokol para sa mga Institusyon ng Mas Mataas na Edukasyon](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Palakasan ng La County.

- Mangyaring tandaan: Ang dokumentong ito ay maaaring baguhin kapag may mga karagdagang impormasyon at sanggunian na makukuha (resources) kaya dapat tingnan ng madalas ang LA County website <http://www.ph.lacounty.gov/media/Coronavirus/> para sa anumang mga pagbabago sa dokumentong ito.

Sa gabay na sumusunod, ang salitang “ang taong ganap nang nabakunahan” o “ganap na pagbabakuna” ay nangangahulugan na ang tao ay maaring magpakita ng isang tarheta (card) ng pagbabakuna, elektronikong rekord ng medikal, o iba pang patunay para maipakita na:

- Dalawang linggo o higit pa ang nakalipas mula nang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis ng bakuna sa COVID-19 (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), O

- Dalawang linggo o higit pa ang nakalipas mula nang matanggap ang isahang dosis ng bakuna sa COVID-19 (hal., Johnson and Johnson (J&J/Janssen)).

Ang listahang ito ay sumasakop sa mga:

- (1) Mga patakaran at kasanayan sa lugar ng trabaho upang maprotektahan ang kalusugan ng empleyado
- (2) Mga hakbang upang masiguro ang distansyang pisikal
- (3) Mga hakbang upang masiguro ang pagkontrol ng impeksyon
- (4) Komunikasyon sa mga empleyado at publiko
- (5) Mga hakbang upang matiyak ang pantay-pantay na akses (equitable access) sa mga kritikal na serbisyo.

Ang limang mga pangunahin ng aspetong ito ay dapat na matugunan habang bumubukod ang inyong pasilidad ng anumang mga protokol sa muling pagbubukas.

Ang lahat ng mga Klase at Aktibidad sa Komunidad na sakop ng gabay na ito ay dapat na magpatupad ng lahat ng mga naaangkop na hakbang na nakalista sa ibaba at maging handa na ipaliwanag kung bakit ang anumang hakbang na hindi ipinatupad ay hindi naaangkop sa mga Klase o Aktibidad

Pangalan ng Klase sa Komunidad: _____

Address ng Pasilidad: _____

A. MGA PATAKARAN AT PAGSASANAY SA LUGAR NG TRABAHO PARA MAPROTEKTAHAN ANG KALUSUGAN NG EMPLEYADO (I-CHECK ANG LAHAT NA NALALARAT SA PASILIDAD)

- Ang lahat ng maaaring magsagawa ng kanilang mga trabaho sa bahay ay inaatasan na gawin ito.
- Ang mga mahihinang kawani (mga higit sa edad 65, may malubhang kondisyon sa kalusugan) ay binigyan ng trabaho na maaaring gawin mula sa bahay hanggang maaari at dapat na talakayin ang anumang mga pagkabalala sa kanilang tagapag-alagang pangkalusugan (healthcare provider) o mga serbisyo sa katutuhang pangkalusugan (occupational health services) upang makagawa ng mga wastong desisyon sa pagbalik sa lugar ng trabaho.
- Ang mga proseso sa trabaho ay naisaayos muli hanggang makakaya upang paramihin ang mga oportunidad para sa mga empleyado na makapagtrabaho sa bahay. Isaalang-alang ang pag-aalok sa mga manggagawa, guro, intern, at boluntaryong kawani na humihiling ng mga binagong pagpipilian sa mga kondisyon na nakapagpapababa ng kanilang pakikisalamuha/kontak sa mga kostumer at iba pang mga empleyado (hal. pangangasiwa ng imbentaryo sa halip na magtrabaho bilang isang kahera o pangangasiwa sa mga pangangailangang administratibo sa pamamagitan ng telework).
- Salit-salitan, halinhinan o paglilipat na mga oras ng trabaho ay ipinatupad, para palawakin ang distansyang pisikal.
- Ang lahat ng mga empleyado (kabilang ang bayad na kawani, at mga boluntaryo, panglahatang tinatawag na “mga empleyado”) ay sinabihan na huwag pumasok sa trabaho kung may-sakit, o kung sila ay nalantad sa isang tao na may COVID-19. Tingnan ang sumusunod na proseso ng pagsusuri sa pagpasok. Naiintindihan ng mga empleyado na sundin ang patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan para sa sariling pagbubukod at pagkukulong (quarantine), kung naaangkop. Ang mga patakaran para sa pag-alis sa trabaho ay nasuri na at binago para masiguro na ang mga empleyado ay hindi parurusahan kapag sila ay nanatili sa bahay dahil sa sakit.

- Mariing inirerekomenda na ang lahat ng mga kawani at kalahok ay ganap na mabakunahan laban sa COVID-19.
- Ang mga pagsusuri sa pasukan (entry screenings) ay isinasagawa bago ang mga empleyado, boluntaryo, nagtitinda, kontraktor, tauhan na naghahatid at iba pang mga tauhang sumusoporta ay maaring pumasok sa lugar ng trabaho, alinsunod sa [gabay sa Pagsusuri sa Pasukan](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County. Kasama sa pagsusuri ay ang pagtsetsek (check-in) patungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga, lagnat o panggiginaw at bagong pagkawala ng panglasa at pang-amoy, at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod at pagkukulong (quarantine). Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng malayuan (remotely) o personal pagdating ng empleyado. Ang pagsusuri sa temperatura ay dapat din gawin sa lugar ng trabaho kung makakaya.
 - Negatibong Pagsusuri (Na-clear). Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang nakasalamuha/kontak sa may kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
 - Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
 - Kung ang tao ay hindi ganap na nabakunahan¹ laban sa COVID-19 at may nakasalamuha/kontak sa may kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagkukulong (quarantine), hindi sila maaaring pumasok at dapat na pauwiin agad para magkulong (quarantine) sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagkukulong (quarantine) na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
 - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anumang mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.
- Sa oras na naipaalam na ang isa o marami sa mga empleyado ay naging positibo, ang amo ay may plano o protokol na nakahanda para ang (mga) may kaso ang magbukod ng kanilang mga sarili sa bahay at kailanganin ang agarang pagkukulong sa sarili (self-quarantine) ng lahat ng mga empleyado na nalantad sa (mga) kaso sa lugar ng trabaho. Ang plano ng amo ay dapat na magkonsidera ng isang protokol para sa lahat ng mga pagkukulong (quarantine) na mga empleyado na magkaroon ng akses o masuri para sa COVID-19 upang matukoy kung nagkaroon ng karagdagang mga pagkakalantad sa lugar ng trabaho, na maaaring nangailangan ng karagdagang mga hakbang sa pagkontrol ng COVID-19.
- Ang mga tagapag-organisa ng klase o aktibidad sa komunidad ay kinakailangang mag-abiso sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng lahat ng mga indibidwal na may kumpirmadong kaso ng COVID-19 na napanon sa sityo/lugar sa anumang punto sa loob ng 14 na araw bago ang petsa ng pagkakasakit. Ang petsa sa pagsisimula ng sakit ay ang petsa ng unang araw ng mga sintomas ng COVID-19 o petsa sa pagsusuri ng COVID-19, alinman ang mas maaga.
- Ang pag-uulat online ay [mas pinipiling](#) paraan sa pag-aabiso sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng mga nalantad sa COVID-19 sa pasilidad at maaaring gawin sa isang kompyuter o mobile na aparato (mobile device) na may akses sa segurong ligtas na aplikasyon ng web: <http://www.redcap.link/lacdph.educationsector.covidreport>. Kung ang online na pag-uulat ay hindi posible, ang pag-uulat ay maaaring gawin ng manu-mano sa pamamagitan ng pagda-download at pagkumpleto sa [Kaso ng COVID-19 at Listahan ng Kontak ng Linya para sa Sektor ng Edukasyon](#) at ipadala ito sa ACDC-Education@ph.lacounty.gov. Ang lahat ng mga abiso sa kaso ay dapat na isumite sa loob ng 1 araw ng negosyo pagkatapos na maabisuhan ng kaso.
- Sa pagkakataong 3 o higit pang mga kaso ng COVID-19 ay kinilala sa loob ng pasilidad sa loob ng 14 na

¹Ang mga tao ay itinuturing na ganap na nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang pangalawang dosis sa isang serye ng 2-dosis (hal., Pfizer-BioNTech o Moderna), o dalawang (2) linggo o higit pa pagkatapos nilang matanggap ang isahang dosis na bakuna (hal., Johnson and Johnson [J&J]/Janssen).

araw, ang tagapag-organisa ng klase o aktibidad ng komunidad ay dapat agad na mag-ulat ng kumpol na ito sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan gamit ang paraan sa pag-uulat na inilarawan sa itaas. Ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ay makikipagtulungan sa programa ng komunidad para tukuyin kung ang kumpol ay isang pagsiklab na nangangailangan ng isang imbestigasyon sa pagsiklab ng pampublikong kalusugan.

- Ang mga empleyado na may nakasalamuha o kontak sa iba ay inaalok, ng walang gagastusin, ng isang naaangkop na maskara sa mukha na tumatakip sa ilong at bibig. Para sa higit pang impormasyon, tingnan ang webpage ng Maskara sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County COVID-19 sa <http://publichealth.lacounty.gov/acd/ncorona2019/masks>. Ang maskara ay dapat na isuot ng empleyado sa itaas ng ilong at bibig sa lahat ng oras sa araw ng trabaho kapag nakikisalamuha o malamang na makisalamuha sa ibang mga tao. Ang mga empleyado na inutusan ng kanilang medikal na tagapag-alaga (medical provider) na hindi sila dapat magsuot ng isang maskara sa mukha ay dapat na magsuot ng panangga ng mukha (face shield) na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't binahihintulutan ng kanilang kondisyon.. Isang tela na akma (form-fitting) sa ilalim ng baba ay mas mainam. Ang mga maskara (mask) na may isang daanan ng balbula (one-way valve) ay hindi dapat gamitin.
- Ang lahat ng mga empleyado ay dapat na magsuot ng maskara sa mukha sa lahat ng oras maliban kung sila ay nag-iisa sa isang pribadong opisina na may saradong pinto o kapag kumakain o umiinom.
- Ang mga empleyado ay inaatasan na labhan, kung naaangkop, o palitan ang kanilang mga maskara araw-araw.
- Para matiyak na ang mga maskara ay lagay isinusuot at ng tama, hindi hinihikayat ang mga empleyado na kumain o uminom maliban sa mga oras ng panandaliang pahinga (pag-break) kapag nagagawa na nilang tanggalin ng ligtas ang kanilang mga maskara at pisikal na dumistansya mula sa iba. Sa lahat ng oras kapag kumakain o uminom, dapat na panatilihin ng mga empleyado ang hindi bababa sa anim na talampakang distansya mula sa iba. Kapag kumakain o umiinom, mas mainam na gawin ito sa labas at malayo sa iba, kunggang maaari. Ang pagkain o pag-inom sa isang kubiko o estasyon ng trabaho ay mas pinipili kaysa sa pagkain sa isang silid na pahingahan kung ang pagkain sa isang kubiko o estasyon ng trabaho ay nagkakaloob ng mas malawak na distansya at mga harang sa pagitan ng mga manggagawa.
- Ang pag-okupa ay binawasan at ang espasyo sa pagitan ng mga empleyado ay pinalawig (maximized) sa anumang silid o lugar na ginagamit ng mga empleyado para sa kainan at/o panandaliang pamamahinga. Ito ay nakamit na sa pamamagitan ng:
 - Pagpapaskil ng pinakamaraming pag-okupa (maximum occupancy) na hindi nagbabago na nagbibigay-kakayahan sa hindi bababa sa anim na talampakan sa pagitan ng mga indibidwal sa mga silid o lugar na ginagamit para sa panandaliang pamamahinga; at
 - Hahinahan sa panandaliang pamamahinga o oras ng pagkain para bawasan ang pag-okupa sa mga silid o lugar na ginagamit para sa kainan at panandaliang pamamahinga; at
 - Paglalagay ng mga mesa na hindi bababa sa walong talampakan ang layo sa isat isa, at nagsisiguro ng anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, pag-aalis o pagteteyp ng mga upuan para mabawasan ang pag-okupa, paglalagay ng mga marka sa mga sahig para tiyakin ang layo, at pagsasaayos ng mga upuan sa paraan na binabawasan ang harapang kontak. Ang paggamit ng mga partiyon ay hinihikayat para lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi dapat ituring na isang pamalit para sa pagbawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng distansyang pisikal.
- Ang mga empleyado ay inatasan na panatilihin ang hindi bababa sa anim (6) na talampakang pagdistansya mula sa mga bisita at mula sa isa't isa sa lahat ng mga lugar ng pasilidad. Maaaring saglit na lumapit ang mga empleyado kung kinakailangan para tulungan ang mga kalahok, o kung kinakailangan.

- Ang mga banyo, at iba pang mga lugar na karaniwang may tao ay nililinis sa dalas na nakalista sa ibaba, ngunit hindi bababa sa isang beses kada araw, sa sumusunod na iskedyul:
 - Mga banyo _____
 - Iba pa _____
- Ang mga pandisimpekta at mga kaugnay na gamit ay magagamit ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Ang mga sanitizer para sa kamay na epektibo laban sa COVID-19 ay magagamit ng lahat ng mga empleyado sa (mga) sumusunod na lokasyon:

- Ang mga empleyado ay pinapaalalahanan na laging maghugas ng kanilang mga kamay o gumamit ng sanitizer para sa kamay.
- Ang kopya ng protokol na ito ay naipamahagi na sa bawat empleyado.
- Hangga't magagawa, ang bawat manggagawa ay tinalagahan ng kanilang mga sariling kagamitan at inatasan na iwasan ang pagsasalo-salo ng mga telepono, tablet, two-way na radyo, iba pang mga gamit sa trabaho o kagamitan sa opisina hanggang maaari.
- Kung saan ang mga bagay ay dapat na mapagsaluhang, ang mga ito ay nililinis nang hindi bababa sa isang beses araw-araw o, o kung natukoy na kailangan, ay mas madalas gamit ang isang panlinis na naaangkop para sa ibabaw nang hindi bababa sa isang beses araw-araw, kabilang ang mga sumusunod: pinagsasaluhang mga kagamitan sa opisina, tulad ng mga tagakopya, fax machine, printer, telepono, keyboard, stapler, staple remover, pambukas ng sulat, mga ibabaw sa mga lugar ng tanggapan, mga pinagsasaluhang estasyon ng trabaho, audio at video na kagamitan, walkie talkies, atbp.
- Nagbibigay ng oras sa mga manggagawa para ipatupad ang mga kasanayan sa paglilinis sa oras ng kanilang trabaho. Ang paglilinis ay itinalaga sa mga oras ng trabaho bilang bahagi ng tungkulin ng mga empleyado. Baguhin ang mga oras, kung kinakailangan, para masiguro ang regular, masinsinang paglilinis, kung naaangkop. Ang mga pagpipiliang ikatlong partidong kumpanya ng paglilinis ay kinuha para tumulong sa mataas na pangangailangan ng paglilinis, kung kinakailangan.
- Ang lahat ng mga patakanan na inilarawan sa listahang (checklist) ito maliban sa mga may kaugnayan sa mga alituntunin ng trabaho ay nalalapat sa kawani ng pagdedeliber (delivery staff) at iba pang mga kumpanya na maaaring nasa mga nasasakupang lugar bilang mga ikatlong partido.
- Opsyonal—Ilarawan ang iba pang mga hakbang:

B. MGA HAKBANG PARA MASIGURO ANG DISTANSYANG PISIKAL

- Para sa bawat espasyo/silid ng Sentrong Pangkomunidad (Community Center), limitahan ang bilang ng mga tao sa partikular na espasyong yon sa anumang oras sa bilang na naaangkop para sa pagpapanatili ng distansyang pisikal na hindi bababa sa 6 na talampakan sa lahat ng oras (maliban sa kabataan).
 - Para sa kabataan, ang mga kalahok ay dapat na manatili sa parehong espasyo at sa mga maliit na grupo at hindi pabago-bago hangga't praktikal. Panatilihin ang parehong mga kalahok at kawani sa bawat klase at isama ang mga kalahok mula sa parehong pamilya sa parehong grupo, hanggang sa praktikal na makakaya. Ang maksimum na laki ng mga hindi nagbabago-bagong grupo ay nililimitahan sa bilang ng kabataan na nagpapahintulot sa lahat ng kalahok sa grupo na makapagpanatili ng distansyang pisikal na 3 talampakan mula sa lahat ng kabataan sa loob ng magagamit na espasyo ng programa. Ang mga kawani ay dapat na magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa mga kalahok na kabataan at mula sa iba pang mga kawani. Ang

hindi nagbabago-bagong laki ng grupo ay hindi dapat humigit sa maksimum na 30 kabataan at dalawang nangangasiwang kawani ng hindi alintana ang sukat nang magagamit na espasyo ng programa.

- Para sa mga nasa tamang edad, ang mga klase na iniaalok sa mga panloob na silid-aralan ay dapat na limitahan sa 50% ng pag-okupa ng silid-aralan o bulwagan sa pagtuturo. Ang pag-okupa ay batay sa pag-okupa ng gusali o kodigo para sa apoy (fire code).
 - Bilang karagdagang hakbang pangkaligtasan, ang mga taga-organisa ng klase o aktibidad sa komunidaday maaaring magtalaga na limitahan lamang ang dami ng mga kalahok at tagapagturo sa panloob na klase na nakapagpakita ng patunay ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19. Kung gagawin,
 - Ang mga kalahok ay dapat na magpatunay ng kanilang patunayan sa ganap na pagbabakuna sa punto ng pagpaparehistro, at
 - Ang mga kalahok na nagpatunay sa ganap na pagbabakuna ay dapat na magpakita sa mga taga-organisa ng klase o aktibidad ng kinakailangang beripikasyon, na parehong isang pagkakakilanlang larawan at patunay ng ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19, tulad ng kanilang tarheta (card) sa pagbabakuna (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan, uri ng bakunang ibinigay at petsa na ibinigay ang huling dosis) o isang larawan ng kanilang tarheta (card) sa pagbabakuna bilang isang hiwalay na dokumento o isang larawan ng tarheta (card) ng bakuna ng kalahok na nasa telepono o elektronikong aparato (electronic device) o dokumentasyon ng kanilang ganap na pagbabakuna laban sa COVID-19 mula sa isang tagapag-alagang pangkalusugan (na kinabibilangan ng pangalan ng taong binakunahan at kinukumpirmado) na sila ay ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19) bago pahintulatang pumasok sa loob ng silid-aralan o espasyo ng aktibidad.
- ☐ Ang lahat ng mga nagtuturo, kalahok, at sinumang mga bisita na pumapasok sa lugar ay inaatasan na magsuot ng maskara sa lahat ng oras. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga bata na 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal na inutusan ng kanilang medikal na tagapag-alaga na hindi sila dapat magsuot ng maskara ay dapat na magsuot ng isang panangga sa mukha na may maluwag na tela (drape) sa labang dulo para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't pinahihintulutan ng kanilang kondisyon. Ang mga maskara (mask) na may isang daanan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Para suportahan ang kaligtasan ng lahat ng gumagamit ng Sentrong Pangkomunidad (Community Center) at ng komunidad, dapat na may maipagagamit na maskara ang mga indibidwal na dumaraating na wala nito.
- ☐ Sagarin ang espasyo sa pagitan ng mga upuan, mesa o estasyon ng trabaho. Isaalang-alang ang mga paraan para gumawa ng anim na talampakang paghihiwalay ng mga kalahok sa pamamagitan ng iba pang mga paraan, kabilang, anim na talampakan sa pagitan ng mga upuan, mga marka sa sahig para isulong ang pagdistansya, pagsasaayos ng mga upuan sa paraan na nakakapagbawas sa harapang pakikisalamuha at pagpapanatili ng distansya. Hinihikayat ang paggamit ng partisyon upang mas lalong mapigilan ang pagkalat ngunit hindi maaaring ikonsidera bilang isang pamalit para sa pagbabawas ng pag-okupa at pagpapanatili ng distansyang pisikal.
- ☐ Kung ang isang Sentrong Pangkomunidad (Community Center) ay may malalaking silid, ang mga silid na ito ay maaaring hatiin ng mas maliliit. Ang mga sumusunod na pag-iingat ay dapat na gawin kapag ang mga silid ay hinahati:
 - Ang mga regulasyong pangsunog, pangkaligtasan at pangkapaligiran ay dapat na isaalang-alang sa paglalagay ng mga panghati.
 - Ang mga panghati ng silid ay dapat na umabot mula sa sahig hanggang sa kisame at dapat na gawa sa hindi tinatagusang materyales na maaaring laging disimpektahin.
 - Ang mga panghati ng silid ay dapat na ilagay sa paraan na nagpapalawig ng bentilasyon at daloy

ng hangin upang pahintulutan ang kontrol sa malusog na temperatura at pagtanggap ng mga kontaminado.

- Ang mga panghati ng silid ay dapat na matatag na nakadikit sa sahig sa paraan na binabawasan ang panganib ng pagkakadulas, pagkatalisod, at pagkakadapa.
 - Sa oras na mahati, ang bawat lugar ay dapat na may sapat na espasyo para sa distansyang pisikal (iyon ay, distansya na anim na talampakan sa pagitan ng mga kalahok).
 - Ang mga hinating silid ay dapat na idisenyo nang sa gayon ang mga grupo ng kalahok ay makakapasok at makakalabas nang hindi dumadaan sa hanay ng pangalawang grupo ng kalahok. Kung may 2 pinto papasok sa isang silid, inirerekomenda na ang bawat grupo ng kalahok ay may dedikadong pinto na sila lamang ang gumagamit sa pagpasok at paglabas sa espasyo.
 - Ang isang ruta sa paglabas (paraan ng labasan) ay dapat na magamit at ang mga paskil sa paglabas ay dapat na kitang-kita ng mga kalahok sa bawat bahagi ng isang hinating silid. Ang bawat lugar ay dapat na may tuloy-tuloy at hindi nahaharalang daan mula sa anumang punto sa loob ng lugar papunta sa isang ligtas na lugar. Ang mga paskil ay dapat na nasa mga panghati o malapit sa mga panghati na nagsasabi ng mga daraanang palabas at ang paggamit ng mga daraanang ito ay dapat na ginagawa sa mga pagsasanay ng pagkas para tiyakin ang kaligtasan sakaling may emerhensya.
- Isaalang-alang ang muling pagdidisenyo ng mga aktibidad para sa mas maliliit na grupo at muling pagsasaayos ng mga muwebles (furniture) at mga espasyo ng silid-aralan para mapanatili ang separasyon.
 - Ang mga kawani ay dapat na bumuo ng mga instruksiyon para sa pagpapalawig ng espasyo at mga paraan para mabawasan ang mga paggalaw sa loob at labas na mga espasyo na madaling maintindihan ng mga bata at naaangkop sa pag-unlad.
 - Higpitan ang mga hindi kinakailangang bisita, boluntaryo, at mga aktibidad na kinasasangkutan ng ibang mga grupo nang sabay-sabay.
 - Higpitan ang mga sama-samang aktibidad kung saan maisasagawa. Kung hindi ito maisasagawa, gawing halinhinan ang paggamit, wastong agwatan ang mga okupante, panatilihing maliit at hindi pabago-bago ang mga grupo at magdisimpekta sa pagitan ng mga paggamit
 - Limitahan ang grupo at ekstrakurikular na aktibidad kung saan ang mga kalahok at mga namumuno ng aktibidad ay maaaring mapanatili ng distansyang pisikal at sumusuporta sa wastong kalinisan ng kamay.
 - Gumamit ng mga alternatibong espasyo kung kinakailangan, kabilang ang regular na paggamit ng panlabas na espasyo, kung pahihintulutan ng lagay ng panahon. Halimbawa, isaalang-alang ang mga paraan para mapalawig ang panlabas na espasyo, at ang paggamit ng mga kapetirya at iba pang mga espasyo upang pahintulutan ang distansyang pisikal.
 - Bawasan ang sama-samang paggalaw hangga't maisasagawa. Halinhinan ang mga oras sa paggamit ng klase at espasyo nang sa gayon ang paglabas sa maramihang silid ay hindi nagreresulta sa sobrang pagdami ng tao at kakulangan ng distansyang pisikal dahil sa mga dumadalo mula sa magkakaibang silid o espasyo na umaalis nang sabay-sabay. Isaalang-alang ang paggamit ng mga pintuan na para sa pasukan at labasan lamang upang mabawasan ang sobrang pagdami ng tao.
 - Para sa mga aktibidad na lumilikha ng mga maliliit na patak ng palahingahan tulad ng matinding pagbibinat o pagkanta, dagdagan ang distansya sa pagitan ng mga indibidwal sa 12 talampakan at subukang gawin ang mga ito sa labas. Bilang paalala, ang mga klase na nag-aalok ng instruksiyon sa palakasan o pang-atletiko ay dapat na sumunod sa listahang ito dagdag pa sa [Protokol para sa mga Liga ng Panlibangang Palakasan ng Kabataan at Matatanda](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County.

C. MGA HAKBANG PARA SA PAGKONTROL NG IMPEKSYON

- ❑ Ang Sistema ng HVAC ay nasa mabuti, gumagana ng ayos; hanggang sa pinakamalawak na posible, ang bentilasyon ay nadagdagan. Ang epektibong bentilasyon ay isa sa mga pinakamahalagang paraan para kontrolin ang maliit na transmisyong aerosol. Ikonsidera ang pagkakabit ng pwedeng ilipat (portable) na epektibong mga naglilinis ng hangin, pag-taas sa mga uri ng mga pangsala (filter) ng hangin ng gusali na posibleng pinakamahuhusay at ang paggawa ng iba pang mga pagpapabago para madagdagan ang daloy ng hangin mula sa labas at bentilasyon sa mga opisina at iba pang mga espasyo. Tingnan ang [Pansamantalang Patnubay para sa Bentilasyon, Pagsasala at Kalidad ng Hangin sa mga Panloob na Kapaligiran](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng California para sa detalyadong impormasyon
 - Mangyaring Tandaan: Ang bentilasyon at iba pang panloob na mga pagpapabuti sa kalidad ng hangin ay isang karagdagan sa, at hindi pamalit para sa, mga inuutos na proteksyon kabilang ang pagsusuot ng mga maskara sa mukha (maliban sa mga siguradong impanganib na kapaligiran na nangangailangan ng paggamit ng wastong proteksyon sa palahing-dahan), pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansya sa pagitan ng mga tao, madalas na paghuhugas ng mga kamay, at paglilimita sa mga aktibidad na pinagsasama-sama ang mga tao mula sa magkakaibang sambahayan.
- ❑ Ang pagsusuri sa pasukan ay isinasagawa bago papasukin ang mga estudyante o bisita sa mga lugar ng silid-aralan ng establisyemento. Ang mga pagsusuri ay dapat na kabilangan ng pag-check-in tungkol sa ubo, pangangapos ng hininga, kahirapan sa paghinga at lagat o panggiginaw at kung ang indibidwal ay kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod o pagkukulong (quarantine). (Tingnan ang gabay sa [Pagsusuri sa Pasukan](#) ng County.) Ang mga pagsusuring ito ay maaaring gawin ng personal o sa pamamagitan ng mga alternatibong pamamaraan tulad ng mga sistema ng on-line check in o sa pamamagitan ng [karatula](#) na nakapaskil sa pasukan ng pasilidad na nagsasaad na ang mga bisita na may mga sintomas ay hindi maaaring pumasok sa lugar.
 - Negatibong Pagsusuri (Na-clear): Kung ang tao ay walang (mga) sintomas at walang kontak sa isang kilalang may kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw, maaari silang payagang pumasok para sa araw na iyon.
 - Positibong Pagsusuri (Hindi Na-clear):
 - Kung ang tao ay nagkaroon ng kontak sa isang kilalang may kaso ng COVID-19 sa huling 10 araw o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagkukulong (quarantine), hindi sila maaaring pumasok at dapat na pauwiin agad para magkulong (quarantine) sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagkukulong (quarantine) na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidquarantine.
 - Kung ang isang tao ay nagpapakita ng anuman sa mga sintomas na nakatala sa itaas o kasalukuyang sumasailalim sa mga utos ng pagbubukod, hindi sila maaaring pumasok at dapat na pauwiin agad para magbukod sa bahay. Bigyan sila ng mga tagubilin sa pagbubukod na matatagpuan sa ph.lacounty.gov/covidisolation.
- ❑ Ang lahat ng mga kawani, kalahok, at sinumang mga bisita na pumapasok sa lugar ay inaatasan na magsuot ng maskara. Ito ay nalalapat sa lahat ng mga matatanda at sa mga batang 2 taong gulang at mas matanda pa. Ang mga indibidwal na inutusan ng kanilang medikal na tagapag-alaga na hindi sila dapat magsuot ng maskara ay dapat na magsuot ng isang panangga sa mukha na may maluwag na tela (drape) sa ibabang dulo, para sumunod sa mga direktiba ng Estado, hangga't pinahihintulutan ng kanilang kondisyon. Ang mga maskara na may isang daanan ng balbula ay hindi dapat gamitin. Para suportahan ang kaligtasan ng iyong komunidad, dapat na may maaaring gamiting maskara ang mga indibidwal na dumarating na wala nito.
- ❑ Tiyaking nalalaman ng lahat ng mga kawani, estudyante, at pamilya ang mga pinalawak na kasanayan ng kalinisan, mga patnubay sa distansyang pisikal at ang kahalagahan nito, wastong paggamit, pagtanggap at paglalaba o pagtapon ng mga maskara, mga kasanayan sa pagsusuri at partikular na pamantayan sa pagbubukod ng COVID-19.

- Magtalaga ng isang kawani (hal., direktor ng programa o tagapag-alagang pangkalusugan) na magiging responsable sa pagtugon sa mga pagkabahala sa COVID-19 at magsisilbi bilang isang tagapag-ugnay sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan. Ang lahat ng mga kawani sa programa, mga kalahok, at mga pamilya ay dapat na makilala kung sino ang taong ito at kung paano sila kontakin. Ang indibidwal na ito ay dapat na sinanay para koordinahin ang dokumentasyon at pagsusubaybay sa posibleng mga pagkakalantad, upang maabisuhan ang mga lokal na opisyal ng kalusugan tungkol sa lahat ng mga kaso ng COVID-19 sa lugar sa loob ng isang araw ng negosyo pagkatapos na maabisuhan ng kaso.
- Tiyakin na may mga sapat na kagamitan para suportahan ang mga pag-uugaling malusog na kalinisan (healthy hygiene behaviors), kabilang ang sabon, mga tisyu, hindi nasasaging basurahan at mga sanitizer para sa kamay na may hindi bababa sa 60 porsyentong ethyl alkohol para sa mga kawani at kalahok na ligtas gumamit ng sanitizer para sa kamay.
- Ikonsidera ang mga gawi ng mga kawani at kalahok para regular na maghugas ng kanilang mga kamay sa halinhinang pag-aagwat. Ang mga estudyante at kawani ay dapat na maghugas ng kanilang mga kamay sa loob ng 20 segundo gamit ang sabon, na lubusang kinukuskos pagkatapos na ilagay, at gumamit ng mga tuwalyang papel (o isahang gamit na mga tuwalyang tela) para tuyuin nang lubusan ang mga kamay.
- Ang mga kalahok at kawani ay dapat na gumamit ng sanitizer para sa kamay kapag ang paghuhugas ng kamay ay hindi maisagawa. Ang sanitizer ay dapat na ikuskos sa mga kamay hanggang ganap na matuyo. Tandaan: ang madalas na paghuhugas ng kamay ay mas epektibo kaysa sa paggamit ng sanitizer para sa kamay, lalong-lalo na kapag ang mga kamay ay kitang-kitang matuyo.
- Ang mga bata na wala pang siyam na taong gulang ay dapat na gumamit ng sanitizer para sa kamay sa ilalim ng pangangasiwa ng matatanda. Tawagan ang Pagkontrol ng Lason (Poison Control) kung makokonsumo: 1-800-222-1222. Ang mga sanitizer para sa kamay na may ethyl alkohol ay mas pinipili at dapat na gamitin kapag may potensyal na hindi mapapangasiwaan ang paggamit ng mga bata. Ang mga isopropyl na sanitizer para sa kamay ay mas nakaalasan at maaaring masipsip ng balat.
- Ikonsidera ang naililipat (portable) na estasyon sa paghuhugas ng kamay sa buong lugar upang mabawasan ang paggalaw at pagtitipon ng mga banyo hanggang maaari.
- Hikayatin ang mga kalahok na magdala ng kanilang sariling bote na puno ng tubig na at magagamit muli o biniling bote ng tubig. Ang mga bukal ng tubig (water fountains) ay magagamit lamang para punuin ang mga bote ng tubig.
- Ang mga bagay na madalas hawakan tulad ng mga hawakan ng pinto, swits ng ilaw, hawakan ng lababo, ibabaw ng banyo, mesa at pang-ibabaw ng mga sasakyang pangtransportasyon ay dapat na linisin isang beses man lamang kada araw o mas madalas kung natukoy na kailangan dahil sa paggamit.
- Limitahan ang pagsasalo-salo sa mga bagay at kagamitan, tulad ng mga kagamitan ng sining (kabilang sa pagbubuo ng mga ladrilyo/piraso [bricks/pieces]), mga laro (hal., chess, dama, atbp.), kagamitang kompyuter, bukod sa iba pa, kung hindi man ay linisin sa pagitan ng paggamit. Ang mga kalahok ay dapat na turuan na maghugas ang kanilang mga kamay o gumamit agad ng sanitizer para sa kamay bago at pagkatapos na makilahok sa mga aktibidad na kinasasangkutan ng napagsaluhang mga bagay/kagamitan.
- Kapag nanimili ng mga produktong panglinis, gamitin ang mga aprubado sa paggamit laban sa COVID-19 na nasa aprubadong listahan na “N” ng Environmental Protection Agency (EPA) at sundin ang mga instruksyon ng produkto. Ang mga produktong ito ay naglalaman ng mga sangkap na mas ligtas sa mga indibidwal na may hika
- Gumamit ng mga pandisimpekta na tinatakan na epektibo laban sa mga lumalabas na viral pathogens, sundin ang mga direksyon ng tatak para sa naaangkop na pagtitimpla at mga oras ng kontak. Bigyan ng pagsasanay ang mga empleyado tungkol sa mga panganib ng kemikal, mga direksyon ng tagagawa, at ng mga kinakailangan para sa ligtas na paggamit ng Cal/OSHA.
- Ang mga kawani na responsable para sa paglilinis at pagdidisimpekta ng lugar ay dapat merong naaangkop na pamprotektang kagamitan, kabilang ang mga guwantes, proteksyon sa mata, proteksyon sa palahingahan at iba pang naaangkop na pamprotektang kagamitan tulad ng inaatas ng produkto. Ang lahat

ng mga produkto sa paglilinis ay hindi dapat maaabot ng mga bata at nakatago sa isang espasyo na limitado ang akses.

- Kapag naglilinis, hanginang palabas ang espasyo bago dumating ang mga kalahok; magplanong gawin ang lubusang paglilinis kapag wala ang mga kalahok. Kung gumagamit ng aircon, gamitin ang setting na naghahatid ng sariwang hangin. Palitan at suriin ang mga panala ng hangin at mga sistema ng pagsala para masiguro ang pinakamabuting kalidad ng hangin.
- Kung ang pagbubukas ng mga bintana ay nagbabadya ng panganib sa kalusugan, ikonsidera ang mga alternatibong estratehiya para sa pagpapabuti ng daloy ng hangin gaya ng pagpapalawig ng sentrong pagsasala ng hangin para sa mga sistema ng HVAC (ang dapat na rating ng filter ay hindi bababa sa MERV 13).
- Gumawa ng mga hakbang para siguruhin na ang lahat ng mga sistema ng tubig at tampok nito (halimbawa, inuming bukal, bukal na pangdekorasyon [decorative fountains]) ay ligtas na gamitin pagkatapos ng matagal na pagsasara ng pasilidad upang mabawasan ang panganib ng impeksyon gaya ng sakit na Legionnaires.

MGA ESPEYAL NA KONSIDERASYON

- Mga klase sa musika
 - Hangga't maaari, ganapin sa labas ang mga klase sa musika.
 - Ang anumang aktibidad kung saan ang mga kalahok ay inaatasang tanggalin ang kanilang mga maskara sa mukha (hal., tumutugtog ng brass o mga hinihipang instrumento) ay maaari lamang na gawin bilang isang grupo kung ang mga mag-aaral ay inagwatan ng pinakamababa na 12 talampakan mula sa isa't isa at kung ang aktibidad ay ginaganap sa labas. Ang mga tumutugtog ng hinihipang instrumento ay dapat na gumamit ng mga karagdang modipikasyon kung naaangkop, tulad ng mga aparato sa paghuli ng mga aerosol na lumalabas mula sa instrumento. Gayunpaman, ang mga indibidwal ay maaaring magsanay ng mga nasabing aktibidad sa loob kung mag-isa sa isang istudyo o praktisang silid.
 - Para sa mga aktibidad na naglalabasng maliliit na patak ng palahingahan tulad ng pagkanta, dagdagan ang distansya sa pagitan ng mga indibidwal sa pinakamababa na 12 talampakan at subukang gawin ang mga aktibidad na ito sa labas.
 - Limitahan ang panon (o pakikibahagi) ng anumang instrumento, bahagi, pilas ng musika, o anumang iba pang bagay.
 - Gumamit ng mga patapong sumisipsip na pad o iba pang pansahod, saanman posible, para makuna ang mga nilalaman ng pangsirrit na balbula o paugusan ng tubig; itapon o linisin nang wasto pagkatapos gamitin.
 - Konsidera ang paggamit ng mga "kampanang pantakip" para sa mga bukasang mga instrumentong tanso at espesyal na dinisenyong mga supot na may bukasang kamay para sa mga instrumentong kahoy na hinihipan para mabawasan ang paglabas ng mga maliliit na patak at mga aerosol.
- Mga klase sa teatro:
 - Hangga't maaari, ganapin sa labas ang mga klase sa teatro.
 - Ang mga kalahok at mga nagtuturo sa mga klase sa teatro ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras at tiyakin na ang lahat ng mga kalahok ay nagpapanatili ng 6 na talampakang distansya sa lahat ng oras o 8 talampakang distansya kung ang mga kalahok ay nagsasalita (halimbawa, mga taong nasa isang teatrong pagsasanay [theater workshop]).
 - Limitahan, hangga't maaari, ang pagbabahagi ng props, mga kasuotan at peluka. Kung dapat pagsaluhan ang props, mamili ng props, mga kasuotan at iba pang mga materyales na mas

madaling madisimpekta. Ang lahat ng props ay dapat na madisimpekta bago gamitin sa set, at sa pagitan ng mga paggamit ng iba't ibang aktor. Ang lahat ng mga napagsaluhang damit ay dapat na linisin pagkatapos ng bawat paggamit. Ang lahat ng peluka o iba pang pinagsaluhang prosthetics ay dapat na disimpektahin pagkatapos ng bawat paggamit.

- Linisin ang mga silid-bihisan, mga silid na pahingahan (green rooms), at mga lugar ng produksyon gamit ang isang pandisimpekta na mula sa Listahang N ng EPA: Mga Pandisimpekta para sa COVID-19.
- Ikonsidera ang pagdaraos ng birtwal o pagganap sa labas sa halip na gawin sa loob.

Mga klase sa atletiko o palakasan

- Bilang karagdagan sa listahang ito, ang mga klase o aktibidad na pang-atletiko ay dapat ring sumunod sa [Protokol sa mga Liga ng Panlibangang Palakasan ng Kabataan at Matatanda](#) ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng LA County.
- Para sa mga aktibidad na naglalabas ng mga maliliit na patak ng panhingahan tulad ng mabigat na pagbibinat, dagdagan ang distansya sa pagitan ng mga indibidwal sa 8 talampakan.
- Ang mga kalahok at mga nagtuturo ay dapat na magsuot ng mga maskara sa mukha sa lahat ng oras habang nasa klase. Maaaring pansamantalang tanggapan ang mga maskara para uminom ng tubig; sa oras ng pag-inom ng tubig, ang mga kalahok ay dapat na paalalahanan na magpanatili ng 6 na talampakang distansya sa lahat ng oras. Ang mga kalahok ay dapat na paalalahanan na limitahan ang kanilang pagbibinat sa isang antas na comfortable habang may suot na maskara sa mukha at madalas na mamahinga mula sa pag-behersisyo o tumigil kung nagsimula na silang makaranas ng anumang hirap sa paghinga. Ang mga maskara ay dapat na palitan kung ang mga ito ay nabasa, kung dumidikit ang mga ito sa mukha ng tao o kung nakakasagabal sa paghinga.

Mga pagpupulong sa komunidad:

- Ang mga pagpupulong sa komunidad na ginaganap sa loob ay dapat limitahan sa 50% na pag-okupa ng silid, batay sa naaangkop na kodigo ng gusali (building code) o kodigo ng apoy (fire code), o 50 tao, alinman ang mas kaunti. Kung ginaganap sa labas, ang pag-okupa para sa mga pagpupulong sa komunidad ay dapat na limitahan sa 100 tao o mas kaunti pa at sumunod sa distansyang pisikal ang lahat ng naroroon.
- Ang lahat ng mga pagpupulong sa komunidad ay dapat na isaayos para paganahin ang lahat ng mga dumadalo na makapagpanatili ng distansyang pisikal na hindi bababa sa 6 na talampakan sa oras ng pagpupulong.
- Ang tagal ng pagpupulong ay dapat limitado hanggang sa pinakamaaari.
- Ang mga organisasyon na siyang punong-abala sa mga pagpupulong sa komunidad ay dapat na patuloy na mag-alok ng mga pagpipilian sa malayuang panood para sa mga nais makilahok nang birtwal sa mga pagpupulong.

Mga Pribadong Kaganapan (Mga Pagpupulong / Resepsyon / Kumperensya):

- Ang mga Sentrong Pangkomunidad (Community Center) ay maaaring gamitin para mag-host o magdaos ng mga Pribadong Kaganapan. Ang operator at host ng Pribadong Kaganapan ay dapat na sumunod sa [Protokol para sa mga Pribadong Kaganapan](#) ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County, na nakalakup sa Utos ng Opisyal ng Kalusugan sa Appendix BB.

D. MGA HAKBANG NG KOMUNIKASYON SA PUBLIKO

- Panatilihin ang mga sistema sa komunikasyon na nagpapahintulot sa mga kawani, kalahok, at mga magulang/tagapag-alaga na sariling iulat ang mga sintomas at makatanggap ng mga maagap na abiso sa mga pagkakalantad at pagsasara, habang pinananatili ang pagka-kumpidensyal.
- Ang kopya ng protokol na ito, kung naaangkop, o nakalimbag na Sertipiko ng Pagsunod sa Kaligtasan sa COVID-19 (COVID-19 Safety Compliance Certificate) ng Los Angeles County ay pinananatili ng nag-

iisponsor na entidad (non-profit, paaralan, grupo sa komunidad, kung naaangkop). Para sa higit pang impormasyon o para kumpletuhin ang programa sa COVID-19 sa kaligtasang pagsunod ng pansariling sertipikasyon, bisitahin ang <http://publichealth.lacounty.gov/eh/covid19cert.htm>. Ang mga koponan sa palakasan ay dapat na magtabi ng isang kopya ng Protokol para sa mga Liga ng Palakasan ng Kabataan at Matatanda para sa pagsusuri, kung hihilingin.

- Ang mga karatula ay nakapaskil sa lahat ng lugar na establisyemento na nagsasabi sa mga kawani at mga kalahok sa pangangailangan ng distansyang pisikal at paggamit ng mga maskara. Tingnan ang [webpage ng Gabay sa COVID-19 ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan](#) ng County para sa mga karagdagang mapagkukunan at halimbawa ng karatula na maaaring gamitin ng mga negosyo.
- Ang mga karatula ay nakapaskil na nag-aatas sa mga bisita na dapat silang manatili sa bahay kung may sakit na may kasamang sintomas na tumutukoy sa COVID-19.
- Ang mga bilihan o outlet sa online ng establisyemento (website, sosyal medya, atbp.) ay nagbibigay ng maliwanag na impormasyon tungkol sa distansyang pisikal, paggamit ng mga maskara at iba pang mga kaugnan na isyu/alalahanin sa COVID-19.

E. MGA HAKBANG NA NAGTITIYAK NG PANTAY-PANTAY NA AKSES SA MGA KRITIKAL NA SERBISYO

- Ang mga serbisyong kritikal sa komunidad ay may prayoridad.
- Ang panukala ay itinalaga upang matiyak ang mga serbisyo para sa mga miyembro ng komunidad na may kahirapan sa pagkilos at/o may mataas na panganib kung nasa pampublikong lugar.

Ang anumang karagdagang hakbang na hindi nabanggit sa listahan sa itaas ay dapat na ilista sa mga hiwalay na pahina, na dapat ilakip ng negosyo sa dokumentong ito.

Maaari mong kontak ang sumusunod na tao kung ikaw ay may katanungan o komento tungkol sa protokol na ito:

Pangalan ng Kontak ng Negosyo:

Numero ng Telepono:

Petsa ng Huling Pag-rebisa:
